Sulat Pangkapayapaan padala sa S.N.B

Ang sulat na ito ay hindi ibinatay sa isang pangyayaring partikular.
Pero ito ay resulta ng sariling ebidensiya.

Ang paglagda sa sulat na ito ay walang kinalaman sa anumang kompormiso o obligasyon sa gumawa nito.Kundi ito ay magsisilbing ilaw para sa mga taong naghahangad ng kapayapaan.

Mga Kaibigan:

Karamihan sa mga tao ay naghahangad ng kapayapaan.Samantalang,ang mga pangyayari at patuloy na paghihikayat para sa kapayapaan ay malinaw sa mga nangangasiwa nito.Ngunit ang maghanap ng isang tamang kasagutan para makamit ang kapayapaan ay hindi madali.Maraming bagay ang dapat pagdaanan.
I. Hindi tayo ang dapat sisihin sa mga marahas na pangyayaring naganap sa Kasaysayan,sa isang simpleng dahilan,at yon ay dahil wala pa tayo noon.
II. Bakit? maaari,muli ba nating iisipin ang bagay na laban sa ilan kung wala tayong responsibilidad kung ano ang nangyari,maraming panahon na ang lumipas?
III. Kung matapos ang mga isiping ito,Bakit hindi tayo maging magkaibigan,sama-samang magtrabaho para sa iisang mundo,nagkakaisa sa isang magandang bukas para sa susunod na salin-lahi at para sa atin.

IV. Hindi natin kayang baliktadin ang panahon para baguhin ang Kasaysayan.At kung makikita natin ang Kasaysayan-mabuti o marahas-ganon din ang bukas.Samantalang sa susunod na mga taon,iba't-ibang bagay ang ating matatagpuan,ibang pangyayari.Ibang tao ang isinilang ,hindi tayo.At wala sa kanila ang may magandang buhay tulad ngayon.Ito ay walang kaugnayan sa anumang marahas na bagay na nangyari na ang dahilan ay ating mga ninuno ay hindi totoo.Kailangan lang nating kalimutan at iwaksi ang lahat ng masamang bagay na yaon at huwag ng hayaang mangyari pa.
V. Sa katotohanan na narito tayo,mayroon tayong matatag na relasyon:ang maging magkakapatid sa buhay.Kung wala tayo,hindi tayo magiging magkapatid sa bawat isa.Ang ibig kahulugan ng pagkakapatid sa dahilang tayo'y narito ay upang makatulong sa atin sa pagbukas ng ating mga sarili sa isang magandang sosyedad at pagtutulungan.

VI. Kapag isinaayos ang bagong alituntuning sosyal ay ipinalalagay na isang pagbuo ng isang matatag na sosyedad at mapayapa,minsan ito ay mapanganib ihalintulad sa ating mga alituntunin,kahit na sabihing naaangkop sa panahong yaon.Ito ay mas matibay na pagkakatatag sa mga bagong alituntunin para sa karapatang pan-tao.Sa ganon ding pagkakataon,ang panganib nito ay kailangang iwasan lalo na sa lahat ng paraan ng pagpigil sa digmaan.
VII. Ang lahat ay malaya,matalino at mapagmahal.Ang pagmamahal kailanman ay hindi pilit o samantala;hindi rin ito bulag,kundi maliwang.Maliban kung hindi totoo.Kung hindi tayo sang-ayon sa kalayaan ng isa,binabawalan natin siyang mahalin tayo.Kung ganon,ang ipagtanggol,pagsang-ayon,pagpapaunlad sa kalayaan ng bawat isa ay siya ring nakatutulong sa dimensiyon sosyal;kung ganon ang pagsang-ayon natin at nararamdaman bilang tao ay makatutulong sa pagpapaunlad ng kapayapaan.
VIII. Ang kasalukuyang namamahala ng mga institusyon na nahahayag sa Kasaysayan ay walang responsibilidad sa mga nangyari sa nakalipas na panahon,lalo na at wala na sila.Ngunit para sa kapayapaan,ang mga namamahalang yaon ay kailangang maihayag sa lipunan,ang kanilang marahas na ginawa at pagka-hindi makatarungan sa bahagi ng institusyon sa Kasaysayan.At sa institusyon ding ito kailangan din nilang baguhin ang takbo nito sa lalong madaling panahon para sa ikabubuti nito.
IX. Ang mga susunod na mamamahala nito ang may responsibilidad sa susunod na bagong henerasyon.Samakatuwid,sa tulong ng sosyedad,makakasang-ayon sila sa layunin nito.Mawala sa isip ng tao ang karahasan(lalo na ang may kahinaan sa pag-iisip),tamang kahulugan at pag-suporta-ang mabuhay sa mundo sa mas mapayapa para sa susunod pang salin-lahi-,mabuhay ng may dignidad.Ang mga kabataan ang magpapatuloy nito sa saya ng buhay,at sila ang magiging halimbawa sa kanilang magulang,pamilya at sa sosyedad.At maaakay sila sa pag-aaral ng Agham at Teknolohiya para sa mas mapayapang mundo.
Maliwanag bang mahirap bumuo ng pandaigdig na Kapayapaan kung ito ay sa sosyedad,pamilya at kapaligiran,maaaring mas maliit kaysa sa kalahati ng miyembro nito:babae,bata,nasyonalidad at ang mga dayuhan.Ngunit nandoon ang pagkilala at pagrespeto sa kanilang dignidad at karapatan para sa pagsang-ayon sa kapayapaan.
X. Sa paglago ng populasyon ng mga bansa,kailangan nating kilanlin ang mga karapatan natin at ang mag-isip,mag-hayag ng saloobin at malayang makapag-buo ng samahan ,ngunit may pagrespeto sa iba.Ngunit bilang tao,may karapatan tayong mabuhay sa sarili nating buhay dito sa mundo sa pamamaraang tayo ay sang-ayon sa maayos na paraan.
Ang demokrasiya ang magiging kasagutan para tayo ay maging malaya sa pagsasanggalang at pagsang-ayon na ang bawat tao ay mabubuhay ng malaya at naaayon sa kaniyang konsensiya,siyempre ang ibigay ang kalayaan ng bawat isa,hindi ang mag-isip ng ikasasama ng kapwa o ng sa sarili niya.
Kung wala ng pag-iisip sa nakalipas,sa kalayaan at pagkakaibigan,makabubuo tayo ng Kapayapaan.
Maraming salamat,kaibigan...

P.S.

Ito ay isang responsibilidad para sa may kapangyarihang magpatuloy ng para sa kabutihan ng bawat isa,ang bawat isinilang ay may karapatang mabuhay ng may dignidad na walang pagtitimbang ng bukas.

Kapag ang nasyon ay may magandang paglago,salamat sa mga mamumulitiko.Ang relasyon sa mga kasalukuyang nasyonalidad ay magiging maayos at matatag,makapagbibigay ng kapuri-puri para sa susunod na salin-lahi,masaya para sa pagkakaroon ng may matagumpay na bansa.

Ganundin,kung ang isang bansa ay mahirap,kailangang magkaroon tayo ng relasyon sa kanila upang sila ay tulungan.Sa ganitong paraan makikita natin ang kahalagahan ng bawat isa kahit na tayo ay magkakaiba ng nasyon.Ang mga isinilang sa ganitong kapaligiran ay magiging masaya dahil sa pagiging maayos nito at kung hindi pa sila ipinanganganak-mananatili na ang bawat nasyonalidad ay magpapatuloy sa pagpapalago ng ganitong klasing sitwasyon.

Ito ay isang ebedensiya,samakatuwid,sa bawat bansa,ang susunod na salin-lahi,anuman ang kanilang katayuan ay magiging masaya sa ginawa ng gobyerno ngayon,yon ay dahil wala pa sila.Samakatuwid,ang mabuting gawa ngayon ang pinaka-importanting bagay para sa ating gobyerno sa kasalukuyan.

1996 © UNIVERSITAS ALBERTIANA